

Mas maigi kung parati ninyong  
dala-dala. Malaking tulong sa  
panahon ng emerhensya.

# Pansarilig Health Card



## Pansariling Health Card

2005 . .

名前( ) Pangalan( )

生年月日

Araw ng Kapanganakan

血液型 RH + - A B O AB 不明

Blood type RH + - A B O AB

性別 Kasarian 男 Lalake 女 Babae

国籍

Nasyonalidad

健康保険の種類 Mayroon ba kayong health insurance?

無い 社会保険 国民健康保険 その他

Wala Social insurance National health insurance iba pa

母国語( ) Lengguahe( )

話せる言語

Anong lengguahe ang inyong ginagamit?

日本語能力 話せる 少し話せる 話せない

Antas ng inyong Nihonggo Magaling Nakakapagsalita ng  
konti Hindi marunong

現住所

Tirahan

自宅電話番号 Tel. No. sa bahay ( )

携帯電話番号 Cellular Phone No( )

勤務先・学校名

Address ng pinagtatrabahuhan o eskwelahan

緊急時の連絡先

Saan kayo maaring makontak kung may emergency

入院時の保証人 いる いない

May guarantor ba kayo kung maospital? Meron Wala

保証人名・住所・電話

Pangalan,tirahan at Tel. No. ng inyong guarantor

輸血の可否 できる できない

Maari ba kayong salinan ng dugo Puede Hindi puede


宗教

Relihiyon

(各項目とも1行目日本語、2行目を母国語で記入しましょう。)

(Fill the upper line in Japanese and the lower line in your mother tongue.)

## INFORMATION



Naging laman ng mga balita ang malaking pinsala ng lindol sa Sumatra, Indonesia na nangyari di pa natatagalang magkaroon ng Tsunami na nagdulot ng malaki ring pinsala sa ilang mga bansa. Haka-haka din na maaring magkaroon ng malaking lindol sa .bansang Hapon.

Ang mga disastrong dulot ng kalikasan ay di nating kayang pigilin, nguni't maari nating itong paghandaan. Ang pagkakaroon ng pansariling health card (nakasulat sa Nihonggo at sariling wika) ay maaring makatulong sa mga oras ng emerhensiya lalo na kung hindi kayo nakapagsasalita ng Nihonggo. May istorya din na natulungan ang isang banyaga dahil dito.

Alam ba ninyo? / Medical allowance

### **Suportang medikal para sa pamilyang single parent**

Ang gastusing medikal ng pamilyang single parent ay tinutustusan ang buo o kaya parteng kabayaran sa sistemang ito..Kailangan lamang magbayad ng ¥1000 kada buwan sa pagpapagamot sa isang ospital o ¥500 kada araw sa naka-confine sa ospital, hindi kasama ang gamot. Subalit .kung ang single parent ay eksemtado sa pagbabayad ng city tax ,hindi na kailangang magbayad.

#### **Sino ang maaring tumanggap ng suporta?**

mayroong National health insurance single parent o anak (mas bata o hanggang 18 taong gulang sa Marso ng taong ito o hanggang 20 taong gulang kung may kapansaan.)

Alam ba ninyo? / Medical allowance

### **Suportang medikal para sa malilit na bata**

Ang gastusing medikal ng mga batang wala pa sa elementarya ay sinusuportahan. Ang ano mang binayaran nila sa pagpapagamot ng bata ay ibinabalik. Subalit hindi kasama dito ang pamilyang tumatanggap ng allowance para sa may kapansanan bata

#### **Sino ang maaring tumanggap ng suporta**

Kasama sa National health insurance at may anak na wala sa elementarya.

**Mga banyagang residente na nakarehistro ay maaring tumanggap ng mga suporta o allowance sa. Welfare. Para sa detalye tumawag sa health insurance section ng city office o sa FICEC**

## **Magkakaroon ng “National Census” sa Oktubre 1 . . .**

Ang national census ay opisyal na pagbibilang ng tao o populasyon na ginaganap kada ikalimang taon. Ang data ay ginagamit sa pag-aaral ng .magiging populasyon ng bansa sa susunod pang mga taon. Gayundin para makakuha ng data ukol sa mga pamumuhay ng tao, edukasyon, welfare housing, medical, trapiko ,environment at iba pa..

Ang survey na ito ay isinasagawa sa buong bansa at kasama din ang mga banyagang naninirahan dito sa bansa..Magsisimula sa katapusan ng Septiembre. Pupuntahan kayo sa bahay at bibigyan ng porma na inyong sasagutan. Maari lamang na pakisagutan ang mga tanong. Ang inyong privacy ay igagalang.